Iskedyul ng pagtatapon ng basura Isulat ang mga nakatakdang araw ng pagkolekta ng basura sa inyong distrito at ipaskil sa lugar na madaling makita.

タガログ語

Para sa loob ng bahay

Tamang paraan ng pag-segregate at pagtapon ng mga recyclable na basura

Maaari niyo ring gamitin ang aming smartphone app na tinatawag na "資源・ごみ分別アプリ (Recycling/Garbage Segregation App)".

Character mascot na si "Risa"

※Hindi maaring itapon sa garbage station ng mga 自治区 (-jichiku, autonomous districts) ang mga basurang galing sa mga komersyal na establisyemento tulad ng mga tindahan, kainan, opisina, atbp.

※Itapon ang mga basura sa itinakdang lugar bago mag ika-8:30 ng umaga sa itinakdang araw ng koleksyon. ※Tuloy ang koleksyon ng basura kahit pista opisyal (holiday). (maliban lang sa katapusan at simula ng taon)

Plastic na lalagyan at pambalot

Tambakan ng basura
Segregation Station

Tuwing araw ng ☐ **kada linggo**

Mga baso, pakete, plastic bag, wrapper, karton, styrofoam, net, food tray, mga takip, mga lagayan o pinambalot ng produkto, mga bagay na hindi na kailangan matapos gamitin o paghiwalayin

Tamang pagtapon ng basura

- Ilagay sa **itinalagang garbage bag (Itim na Letra)** at itali nang mabuti
- **Banlawan ang mga maruruming bagay at patuyuin.**
- **Itapon sa "Susunuging basura" ang mga basurang hindi na malinisan**
- Ang mga sticker tulad ng mga tag ng presyo ay di na kailangan tanggalin.
- Lagyan ng ♻ na marka ang mga bagay na mahirap tukuyin upang muling masuri.

※ Kahit na may may markang ♻, itapon ang mga pang-spray na may nakasulat na "madaling masunog o lumiyab" sa **"Mapanganib na basura."**

Paraan ng pagtapon
I-rerecycle pabalik sa raw materials na gawa sa plastic

Araw para sa recycling

Tambakan ng basura
Recycling Station

Mangyaring itapon sa ispesyal na basurahan / basket / collection bag. Walang nakatakdang garbage bag para sa mga ito.

Ika- ☐ **na** ☐ **ng buwan**

Ang mga nakolektang recylables ay irerecyle upang muling maging produkto, atbp.

Boteng babasagin (Pang-inumin or bote ng cosmetics)

bote ng sake (kadalasang 1800ml ang sukat), bote ng beer, at iba pang bote na ginagamit sa pagkain at inumin (Seaweed, inumin, gamot, salad oil, jam, whiskey, atbp.), bote ng cosmetics

Tamang pagtapon ng basura

- Siguraduhing alisin ang mga takip at ilagay sa tamang basurahan. itapon ang mga metal caps sa "Metal na basura" at itapon ang mga plastic caps sa **"Plastic na lalagyan at pambalot"**
- Tanggalin ang laman at pahapyaw na banlawan.
- Itapon sa "Ibabaong basura" ang mga basag na bote
- Ang mga takip na di matanggalan ng label ay di na kailangang tanggalin bago itapon.
- Maaring hindi na hugasan ang mga bote ng cooking oil kahit may kauti pang natira.
- Ang mga cap, internal stopper, pump, atbp. ng bote ng cosmetics ay kailangang tanggalin.
- Itapon sa "Ibabaong basura" ang mga boteng babasagin na kulay puti.

Lata ng inumin

Mga aluminum o steel na lata ng beer or iba pang inumin

Tamang pagtapon ng basura

- Itapon sa "Metal na basura" ang mga takip na bottle type

※ **Itapon sa "Metal na basura" ang mga lata ng pagkain, lata ng pet food, mga piniping lata ng inumin**

Pet bottle

Lagyan ng markang PET ang mga boteng pang-inumin, alcohol na inumin, toyo, soy sauce processed goods, suka, mirin seasonings, non-oil dressings, atbp.

Tamang pagtapon ng basura

- Itapon ang mga cap at label ay itatapon basurahan ng **"Plastic na lalagyan at pambalot"**
- Banlawan at pipiin.
- Itapon sa **"Susunuging basura"** ang mga ginupit na pet bottle.

Nakakapinsalang basura

Fluorescent tube (hindi basag), rechargeable batteries, dry cell batteries, watch batteries (kasama 0 mercury batteries), thermometer (kasama ang mga may mercury)

Tamang pagtapon ng basura

- Huwag basagin ang fluorescent tube at thermometer (Kung basag na, itapon ang mga ito sa **"Ibabaong basura"**)

※ **Kinokolekta ng mga tindahan ng home appliances ang mga rechargeable batteries at watch batteries.**
※ **itapon sa "Metal na basura" ang mga LED tubes at LED light bulbs.**
※ **Itapon ang mga bumbilya "Ibabaong basura"**
※ **Itapon sa "Metal na basura" ang mga digital thermometer**

Mapanganib na basura

Gas lighter, Spray can, Gas cylinder

Tamang pagtapon ng basura

- **Alisin ang laman**
- **Hindi kailangang butasan ang mga spray can at ang gas cylinder**

※ **Itapon ang carbon dioxide cartridge sa "Metal na basura"**

Susunuging basura

Tambakan ng basura
Segregation Station

Tuwing araw ng ☐ • ☐ **kada linggo**

Nabubulok na basura (tira o sobrang pagkain), disposable diaper, tissue paper, produktong gawa sa leather (hand bag, belt, atbp.), produktong purong gawa sa plastic (planggana, plastic na paso, CD, toothbrush, atbp.), mga tape (video tape, casette tape, atbp.), sapatos, atpb.

Tamang pagtapon ng basura

- Ilagay sa **itinalagang garbage bag (Berdeng Letra)** at itali nang mabuti.
- Alisan ng tubig ang nabubulok na basura.
- I-flush muna sa toilet ang mga dumi galing sa disposable diapers o colostomy (artificial anus).
- Pasipsipin sa tela o papel ang mantika.(Kinokolekta sa ilang istasyon ng recycling)

Paraan ng pagtapon
Susunugin sa Togari Clean Center o Fujioka Plant

Metal na basura

Tambakan ng basura
Segregation Station

Ika- ☐ **na Miyerkules ng buwan**

Metal na produkto (liban sa spray cans, mga tape na produkto tulad ng video tape at casette tape, at fire extinguisher), Electronic Appliances (liban sa mga sumusunod na apat na klase ng electronic appliances: aircon, TV, refrigirator / freezer, washing machine / drying machine, atbp., pati na rin ang mga personal computer), mga produktong may parteng gawa sa aluminum foil, metal o plastik, carbon dioxide gas cartridge, tin can na hindi pang-inumin, LED na bumbilya, atbp.

Tamang pagtapon ng basura

- Ilagay sa **itinalagang garbage bag (Asul na Letra)** at itali nang mabuti.
- Balutin ng papel ang mga kutsilyo o panghiwa upang makaiwas sa aksidente.

Paraan ng pagtapon
Matapos durugin at alisin ang metal, maaari pa itong i-recycle bilang materyales sa construction o produktong gawa sa iron.

Ibabaong basura

Tambakan ng basura
Segregation Station

Ika- ☐ **na Miyerkules ng buwan**

Mga ceramics/porselana, mga babasagin (Maliban sa mga boteng pang-inumin o pagkain, at bote ng cosmetics), bombilya, glow starter, basag na fluorescent lamp, basag na boteng babasagin, salamin, magnifying glass, disposable pocket heater, atbp.

Tamang pagtapon ng basura

- Ilagay sa **itinalagang garbage bag (Pulang Letra)** at itali nang mabuti.
- Balutin ng papel ang mga basag na bagay upang makaiwas sa aksidente.

Paraan ng pagtapon
I-poprocess at ibabaon sa Green Clean Fuji no Oka (Lugar kung saan itinatapon ang mga hindi nasusunog na basura)

Malalaking basura (May bayad)

Mga bagay na hindi magkakasya sa itinalagang garbage bag tulad ng bisikleta at mga gamit sa bahay gaya ng cabinet, sofa, atbp.

Kung sariling dadalhin ang mga basura or recyclables
Idiretso sa tamang segregation o processing plant ayon sa uri ng basura.
※May sistema ng pagpapahiram ng transport vehicle para sa mga malalaking basura (May bayad)
I-contact ang: 清掃業務課 (Seisou Gyoumu-ka, "Sanitation Services Division")
Tel. no. 71-3003

Tamang pagtapon ng basura

① Tumawag sa reception center **3 araw bago ang koleksyon (Walang opisina ang sabado at linggo)**. (Depende sa bilang ng mga application, maaaring hindi ito matanggap sa nais na petsa.)

Reception center
Ika-9 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes (maliban lang sa katapusan at simula ng taon)
Tel. no.: 0565-25-5353

② Sabihin ang address, pangalan, numero ng telepono, nais na petsa ng koleksyon, at bilang ng malalaking basura.

③ Magpasya sa petsa ng pagkolekta, handling fees, reception number, atbp.
May tatlong baitang ng handling fees depende sa klase ng basura: **600 yen / 900 yen / 1,200 yen**

④ Bumili sa convenience store ng sticker para sa handling fee ng malalaking basura at idikit mismo sa malalaking basura

⑤ Ilabas basura sa harap ng bahay bago mag ika-8:30 ng umaga sa itinakdang araw ng koleksyon.
('Di kinakailangang makipagkita).

※ **Hindi na maaaring kolektahin ang mga basurang hindi nailabas bago ang takdang oras ng koleksyon o kapag kayo ay naglipat bahay na. Walang refund para sa selyo.**

Araw ng pagkolekta ng malalaking basura

Distrito ng Koromo	Tuwing Lunes kada linggo at tuwing una, ikatlo at ikalimang Huwebes ng buwan
Distrito ng Kamigou / Takaoka	Mula unang Martes hanggang ika-apat na Martes ng buwan at tuwing ikalawa at ika-apat na Huwebes ng buwan
Distrito ng Sanage (Kasama ang Homi at Ishino)	Mula unang Miyerkules hanggang ika-apat na Miyerkules ng buwan
Distrito ng Takahashi / Matsudaira	Mula unang Biyernes hanggang ika-apat na Biyernes ng buwan

※Walang koleksyong nagaganap tuwing katapusan at simula ng taon (12/29-1/3)

★ **Kung may katanungan ukol sa paghihiwalay ng basura, i-contact ang: "Toyota City Environment Division"** Tel. no.: 0565-71-3001

2023.3
タガログ語